# IHINTÔ ang Pandaraya sa Medicare

**www.StopMedicareFraud. gov**

This is an Official U.S. Government Product

## Pagnanakaw ng Medikal na Identidad at Pandaraya sa Medicare

Ang pagnanakaw ng medikal na identidad ay nangyayari kapag ninakaw ng isang tao ang iyong personal na impormasyon (tulad ng iyong pangalan, numero ng Social Security o numero ng Medicare) upang makakuha ng medikal na pangangalaga, bumili ng mga gamot o magsumite ng mga peke na billing sa Medicare gamit ang iyong pangalan.

Maaaring sirain ng pagnanakaw ng medikal na identidad ang iyong buhay, sirain ang iyong credit rating at aksayahin ang mga dolyar ng taxpayer. Ang pinsala ay maaaring maging banta sa buhay mo kung ang maling impormasyon ay napunta sa iyong mga personal na medical record.

**Lumaban!**

**Pigilan, Tuklasin, Depensahan**

# PIGILAN

## Protektahan ang Iyong Personal na Impormasyon

**Bantayan ang iyong mga numero sa Medicare at Social Security.** Tratuhin ang mga ito tulad ng iyong pagtrato sa iyong mga credit card.

**Kung ito'y libre, hindi nila kailangan ang iyong numero!** Magsuspetsa sa sinuman na nag-aalok sa iyo ng libreng medical equipment o mga serbisyo at pagkatapos ay humihingi sa iyong numero sa Medicare.

**Bawal ito, at magbibigay lamang ito ng malaking problema!** Huwag payagan ang sinuman na humiram o magbayad sa iyo upang gamitin ang iyong Medicare ID card o iyong identidad.

# TUKLASIN

## Tandaan ang Mga Karaniwang Scheme sa Pandaraya na Ito

**Lumayô** kapag may mga taong lumapit sa iyo sa parking lot, shopping centers o iba pang mga pampublikong lugar at nag-aalok sila ng mga libreng serbisyo, mga grocery, transportasyon o iba pang items at ang kapalit ay ang iyong numero sa Medicare.

**Basta ibabâ ang telepono** kung may taong tumawag sa iyo na nagsasabi na nagsasagawa siya ng health survey at hinihingi niya ang iyong numero ng Medicare.

**Huwag ibigay ang iyong impormasyon** sa mga telephone marketer na nagsasabi na sila'y mula sa Medicare o Social Security at humihingi sila ng bayad sa pamamagitan ng telepono o Internet. Maaaring gusto nilang nakawin ang iyong pera.

# DEPENSAHAN

## Itsek ang Iyong Medical Bills, Medicare Summary Notices, mga Paliwanag ng Benefits at Credit Report.

- Siningil ka ba para sa anumang mga medikal na serbisyo o equipment na hindi mo natanggap?
- Mukhang hindi ba pamilyar ang mga petsa ng mga serbisyo at mga singil?
- Dalawang beses ka ba siningil para sa parehong bagay?
- Ang iyo bang credit report ay may anumang hindi nabayarang bill para sa mga medikal na serbisyo o equipment na hindi mo natanggap?
- Nakatanggap ka ba ng anumang mga collection notice para sa mga medikal na serbisyo o equipment na hindi mo natanggap?

## Ireport ang Pandaraya sa Medicare at ang Pagnanakaw ng Medikal na Identidad

- Kung may nakita kang hindi karaniwan o kaduda-dudang mga singil, kontakin ang iyong health care provider. Maaaring nagkamali lamang sila.
- Kung ang iyong reklamo ay hindi naresolba ng iyong provider, ireport ang kaduda-dudang mga singil sa Medicare.
- Kung nagsusupetsa ka ng pandaraya sa Medicare, kontakin ang Office of Inspector General ng Department of Health & Human Services.
- Kung sa palagay mo ay may gumagamit sa iyong personal na impormasyon upang mandaya, kontakin ang Federal Trade Commission.

# Sino ang Maaaring Tawagan

## Department of Health and Human Services
## Hotline sa Opisina ng Inspector General

**Ireport ang sinususpetsang pandaraya sa Medicare:**
Telepono: 1-800-447-8477 (1-800-HHS-TIPS)
TTY: 1-800-377-4950 | FAX: 1-800-223-8164
E-mail: HHSTips@oig.hhs.gov
Online: OIG.HHS.gov/fraud/hotline

## Medicare Call Center at SMPs

**Ireport ang mga kaduda-dudang singil sa Medicare:**
Telepono: 1-800-633-4227 (1-800-MEDICARE)
TTY: 1-877-486-2048 | Online: medicare.gov

**Maaari mo rin kontakin ang SMP sa iyong lugar:**
Ang SMPs (ang dating Senior Medicare Patrol) ay nagtratrabaho sa iyong lugar upang bigyan ang seniors ng kakayahan na labanan ang pandaraya sa health care at ayusin ang mga pagkakamali.

**Maghanap ng SMP sa iyong lugar**
Magpunta sa www.smpresource.org o kaya'y tumawag sa 1-877-808-2468

**Kung nawala o ninakaw ang iyong Medicare card, ireport ito kaagad.**
Tawagan ang Social Security sa 1-800-772-1213
(TTY: 1-800-325-0778) para humingi ng kapalit na card.

**Kumuha ng tulong sa pagbasa ng iyong Medicare Summary Notice sa**
www.medicare.gov/basics/SummaryNotice.asp
Makakuha ng libreng credit report bawat taon sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-322-8228

## Hotline ng Federal Trade Commission tungkol sa Pagnanakaw ng Identidad

**Ireport ang maling paggamit ng iyong personal na impormasyon:**
Telepono: 1-877-438-4338 (1-877-ID-THEFT)
TTY: 1-866-653-4261 | Online: FTC.gov/idtheft

**Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa pagnanakaw ng medikal na identidad, bisitahin ang: www.WorldPrivacyForum.org/medicalidentitytheft.html**

CMS
CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Produkto Blg. 11481-T (Tagalog)
Binago ng Nobyembre 2011